WIKA AT KULTURA

ni

Prospero R. Covar

Blg. I

Ugnayan

Magkalakip ang ugnayan ng wika at kultura. Ang kultura ay likha ng tao. Ang wika ay taal sa tao. Kahit na nga ito'y taal, ang wika ay likha ng tao, gaya ng kultura.

Ang ating kapaligiran ay nahahati sa dalawa: (1) kalikasan at(2) kalikhaan. Ang kalikasan ay yaong mga dinatnan ng tao, sa daigdigt kagaya ng lupa, hangin, tubig, halamang, hayop, at marami pang iba. Ang kalikhaan naman ay yaong mga ginawa, ginagawa, at gagawin pa ng tao. Sa ibang salita, ito ay ang kultura. Ang kalikasan at kalikhaan ay ginagamit ng tao bilang kasangkapan sa pamumuhay niya dito sa mundo.

Ang wika bilang likha ng tao ay ginagamit sa pakikipagtalastasan o komunikasyon. Ito ay binubuo ng mga tunog na nanggagaling sa ating bibig. Ayon sa mga dalubhasa ng wika ang ating bunganga ay may kakayahang bumuo ng anin-na-raang iba't ibang tunog, subali't ang isang wika ay namimile lamang ag mahigit kumulang na labing-lima hanggang anim-na pung talatunugan. Ang talatunugang binuo ng kalipunan ng tao ay nagpapakilala sa kakanyahan ng isang lahi o lipi, gaya ng Tagalog, Ilocano, Ilonggo, Cebuano, Tausug at marami pang iba.

Pinagsasama-sama ang tunog gaya ag katinig at patinig (k-a) o kaya'y katinig, patinig, at katinig (k-a-t) upang makabuo ng pantig. Ang pantig ang pundasyon o materyales na ating ginagamit para makabuo ng kataga o salita, halimbawa (w-i./k-a). Sa ganang kanya ang pantig, kataga, o salita ay walang kahulugan. Ang kahulugan ng pantig, kataga, o salita ay ayon sa paglalapat o bigay ng tao. Ang (a-s-o) sa ganang sarili ay walang kahulugan, subali't bilang salita ito ngayon ay may kahulugang hayop na ang katawagan ay "aso."

Ang pagbubuo ng salita at paglalapat ag kahulugan ay gawain ng tao ng isang wika. Dahilan dito, ito'y isinasama sa kategorya ng kultura. Ang wika ay magandang halimbawa ag kultura. Samakatuwid ang wika ay kultura; at nakapaloob ang kultura sa wika.